

PAG-ALISTONG PANG-BIOSECURITY

Tulongang hadlangan ang pagkalat ng citrus canker

Ang citrus canker ay isang nakahahawang sakit mula sa bakteryang umaapekto sa lahat ng mga tanim na citrus.

Ito ay hindi nakapipinsala sa mga tao o hayop, nguni't ito ay umaapekto sa kalidad at dami ng mga prutas. Sa mga malulubhang kaso, ang mga impektadong tanim ay mamamatay.

Ang Pamahalaan ng Northern Territory (NT) ay nakikipagtulungan sa ibang mga estado at teritoryo, sa industriyang pang-citrus, at sa komunidad upang puksain ang sakit sa Australya at sa Territory.

May umiiral na pagbabawal sa buong NT sa paglabas-masok ng mga prutas ng citrus, mga tanim at dahon. May mga paghihigpit sa pangangalakal sa buong hangganan (border) ng Australya at ng ibang bansa, na maaari lamang mangalakal nang may permiso.

Upang tumulong sa pagpuksa ng sakit, ang mga tanim na may citrus canker ay inalis mula sa loob ng 600m na paikot na sukat kung saan may natagpuang impektadong tanim. Ito ay nagtatatag ng lugar na may pagbabawal.

Ang mga tanim na may citrus canker ay hindi muling maitatanim sa mga lugar na may pagbabawal hanggang sa maalis ang mga pagbabawal sa paglabas-masok ng mga ito.

May patuloy na pagsubaybay at pagsusuri ng mga propyedad at mga tanim upang makita ang mga sintomas ng citrus canker at mga tanim na may mataas na prayoridad, at upang suriin ang muling pagtubo ng mga tanim na may citrus canker.



Kailangan namin ang inyong tulong

- Tulungan kaming hanapin ang mga tanim na citrus na maaaring nagkaroon ng kontak o nalapit sa isang impektadong tanim. Kontakin kami kung kayo ay nakabili o tumanggap ng isang halamang citrus simula pa noong ika-1 ng Enero 2017.
- Suriin ang inyong mga tanim na citrus at i-report ang anumang mga sintomas ng sakit. Ang mga sintomas ay maliliit na kulay-kayumangging mga batik sa mga dahon, prutas at tangkay na malaunan ay magkakaroon ng pabilog na kulay-dilaw sa buong paligid.
- Alamin ang tungkol sa mga pagbabawal sa inyong lugar. Kung kayo ay nakatira sa isang may pagbabawal na lugar, makipag-ayos ng oras na maluwag para sa inyo upang kami ay bumisita sa inyong proyedad upang mag-inspeksyon at tanggalin ang anumang mga tanim na may citrus canker.



Makipag-alam sa amin



Tumawag o magmensahe sa amin sa
0436 643 470



Mag-sabmit ng isang online na
pormularyo sa
www.nt.gov.au/citruscanker



Mag-email sa citruscanker@nt.gov.au

